## Kuwento 3 : Matagumpay na Pagpasok sa Jerusalem

**Talata sa Bibliya [Marcos 11:10]**

**Pagpalain ang malapit nang itatatag na kaharian ng ating amang si David! Purihin ang Panginoon sa Kataas-taasan!"**

Dumating na ang pista ng Paskuwa ng Israel.
Ipinaaalala ng Paskuwa sa mga Israelita kung paano sila pinalaya ng Diyos mula sa pagkaalipin sa Ehipto sa ilalim ng pamumuno ni Moises. Upang ipagdiwang ang kapistahan ng Paskuwa, ang lahat ay nagtipon sa templo sa Jerusalem.
Habang maraming tao ang pumunta sa Jerusalem upang ipagdiwang ang Paskuwa, si Hesus ay may ibang dahilan sa kaniyang pagpunta. Sinabi ni Hesus sa kaniyang mga disipulo.
"Pumunta ka sa nayong nasa unahan mo, at pagpasok mo doon, makikita mo ang isang bisiro na nakatali doon. Tanggalin mo at dalhin dito. Kung may magtanong sa iyo, 'Bakit mo kinakalag ito?' sabihin mo sa kanya, 'Kailangan ito ng Panginoon.'"
Dinala ng mga alagad ang bisiro kay Hesus, at nang ilagay nila ang kanilang mga balabal dito ay sumakay si Hesus sa likod ng bisiro. Si Hesus, ang Anak ng Kataas-taasang Diyos, ay pumasok sa Jerusalem ng may pagpapakumbaba.
Isang napakaraming tao ang kumaway ng mga sanga na pinutol mula sa mga puno ng palma at sumigaw:"Hosanna sa Anak ni David! Pinagpala ang dumarating sa pangalan ng Panginoon!"
Maraming tao ang naglatag ng kanilang mga balabal sa daan at binati si Hesus: "Hosanna sa kaitaasan!"
Tinanggap ng mga tao si Hesus na parang Siya ay isang hari. Natuwa ang mga disipulo ni Hesus.
Ngunit, alam ni Hesus na ang mga sigawan ng mga tao ay hindi mananatili habang buhay. Inisip ni Hesus ang kaharian ng Diyos, hindi ang kaluwalhatian ng mundo. Pumasok si Hesus sa Jerusalem upang magdusa sa krus para sa lahat ng makasalanan.
Tumingin si Hesus sa paligid ng Jerusalem nang pumasok siya sa templo.
Pagdating niya sa templo nagulat siya na ang templo ay puno ng mga mangangalakal. Nagsalita si Hesus nang may matinding galit.
"Ang aking bahay ay tatawaging bahay-dalanginan para sa lahat ng mga bansa! Pero ginawa mo itong 'kubkob ng mga tulisan'!!"
Pinalayas ni Hesus ang mga bumibili at nagbebenta mula sa templo.
Samantala, narinig ito ng mga punong saserdote at ng mga tagapagturo ng kautusan at nagsimulang humanap ng paraan upang siya'y patayin, dahil natatakot sila sa kanya. Ang mga tao ay humahanga sa kaniyang katuruan.
Naniniwala sila na ang pagbibigay-kahulugan at pagtuturo ng salita ng Diyos ay isang bagay na sila lamang ang may kapangyarihang gawin.



**Gawain 1.** Sagutin ang mga sumusunod.

a. Anong espesyal na araw si Hesus pumunta sa Jerusalem?

---

b. Anong hayop ang sinakyan ni Hesus upang makapasok sa Jerusalem?

---

c.Basahin ang Marcos 11:1-11 at sagutan. Kailan si Hesus nakapasok sa Jerusalem? Ano ang mga sinisigaw ng mga taong sumusunod sakanya?

---

- **Basahin at isaulo ang talata sa Bibliya. (Marcos 11:10)**

**Pagpalain ang malapit nang itatatag na kaharian ng ating amang si David! Purihin ang Panginoon sa Kataas-taasan!**

**Gawain 2.** Hanapin ang sampung pagkakaiba sa mga sumusunod na larawan.



